Pahayag ni **KEVIN PARK**, Kandidato para

**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 5**

**Trabaho:** Siyentista, Inhinyero, Guro

**Edukasyon at Kuwalipikasyon:**

Halos dalawampung taon nang naninirahan sa Santa Clara, ako ay nagtrabaho upang pabutihin ang Edukasyon at mga Kapitbahayan.

Ang gawaing ibalik sa Mundo ang Lunsod ay hindi dapat mangailangan ng isang Siyentista ng Rocket, pero kung kailangan, kaya ko ito. Natanggap ko ang aking digring Batsilyer ng Agham sa Aero/Astronautics mula sa Caltech, at isang digring Dalubhasa sa Agham mula sa Stanford. Alam ko kung gaano kahalaga ang edukasyon at naglaan ng marami sa aking buhay upang tulungan ang mga estudyante.

Kasama ng Opisina ng Edukasyon ng County ng Santa Clara, ako ay tumulong na itayo ang Artspiration para sa Konseho ng mga Sining at Edukasyon. Bilang isang guro sa isang lokal na kolehiyo, ako ay nagtuturo ng mga klase sa pagprograma at pagkamalikhain.

Bilang isang dating miyembro ng lupon ng Kapisanan ng mga Kapatid na Lunsod ng Santa Clara, ako ay tumulong na ikunekta ang ating lunsod sa isang mas malaking komunidad ng mundo.

Bilang bahagi ng Komiteng Namamatnugot ng Pangkalahatang Plano ng Santa Clara, ako ay tumulong na lumikha ng yugto-yugtong Pangkalahatang Plano na idinisenyo upang suportahan ang mapaninirahan na mga komunidad.

Bilang Tagapangulo ng Nagpapayong Komite ng mga Mamamayan, ako ay isang matatag na tagapagtaguyod para sa tinig ng komunidad. Ako ay nagtrabaho nang malapit sa mga kapitbahay sa mga proyektong tulad ng 900 Kiely, Santa Clara Square, at abot-kayang pabahay sa 2525 El Camino.

Mas maraming taong mayroong mas maraming tinig.

http://www.kevinpark.org